



## Koda ng Pag-aasal at Gawain para sa Pakikipagtrabaho Kasama ang mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib

### **Panimula**

Ang Arkidiyosesis (Archdiocese), kasama ang aming komunidad, ay nakatuon sa paglikha at pagtataguyod ng isang ligtas at mapagsuportang kapaligiran para sa mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib.

Ang Koda ng Pag-aasal at Gawain (Code of Conduct) na ito ay naglalayong itaas ang kamalayan ng mga taong nakikipagtrabaho kasama ang mga Bata at/o Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib sa Archdiocese tungkol sa kanilang mga obligasyon sa ilalim ng batas sa proteksyon ng bata, at upang matulungan silang lumikha ng isang ligtas na kapaligiran para sa mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib na nakikipag-ugnayan sa Simbahang Katoliko. Ang Koda na ito ay dapat basahin kasabay ng Patakaran sa Pag-iingat ng Arkidiyosesis (Archdiocesan Safeguarding Policy), na nakapaloob sa safeguarding training, mga patakaran, protocol, at impormasyon na may kaugnayan sa pakikipagtrabaho kasama ang mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib sa loob ng Archdiocese.

Ang sekswal na pang-aabuso sa loob ng mga konteksto ng Simbahang Katoliko ay nagdulot ng malalim na pag-aalala sa loob ng Archdiocese, sa buong Simbahan, at sa mas malawak na komunidad. Ang Koda ng Pag-aasal at Gawain na ito ay nagbibigay ng mas mahusay na pag-unawa sa mga nagtatrabaho kasama ang mga Bata at/o Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib sa Archdiocese kung paano isagawa ang mahalagang gawaing pastoral ng Simbahang Katoliko sa isang propesyonal at mapagsuportang paraan na parehong pinoprotektahan ang mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib mula sa lahat ng anyo ng pang-aabuso at pinsala at nag-aambag sa kanilang patuloy na mabuting kalagayan. Ang pagkilala at kamalayan sa mga malaking hindi magkapantay na kapangyarihan na maaaring mangyari sa loob ng mga ministeryo at serbisyo, ang may-pribilehiyong posisyon ng tiwala at ang koneksyon sa espirituwal na pang-aabuso ay susi sa pagprotekta sa mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib sa ating mga komunidad. Ang Koda ng Pag-aasal at Gawain ay ginagamit sa, at dapat lagdaan ng lahat ng mga pari (Clergy), mga Religious Appointee, mga Empleyado, Boluntaryo (Volunteers), at mga kontratista (contractors), na mayroon, o inaasahang magkakaroon ng gawain na kaugnay sa Bata / Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib (Child / Adult at Risk related role) – ibig sabihin, **lalo na ang mga kinakailangang magkaroon ng Working with Children Check (WWCC)**. Ang mga katekista na mga SRE Teacher sa mga pampublikong paaralan ng NSW ay kinakailangang lumagda sa Code of Conduct na ito kasabay ng pagtanggap ng SRE-specific appendix at mandatory induction training mula sa Confraternity of Christian Doctrine upang matugunan ang mga kinakailangan ng NSW Department of Education.

### **Pagsunod sa batas sa proteksyon ng Bata at sa Patakaran sa Pag-iingat ng Arkidiyosesis (Ang Patakaran)**

1. Sa anumang oras, bago o sa panahon ng aking appointment sa gagampanang trabaho sa Arkidiyosesis na may kaugnayan sa isang Bata at o sa mga Taong may

Hustong Gulang na nasa Panganib, bibigyan ko ang taong nag-eempleyo, nagbibigay ng trabaho o kung hindi man ay nagtatalaga sa akin ng anumang impormasyon na may kaugnayan sa pagtukoy kung angkop akong makipagtrabaho sa Mga Bata/Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib, kabilang ang pagsailalim sa isang Working With Children Check kung kinakailangan (at sa isang National Criminal History Check, kung kinakailangan ng Archdiocese).

2. Kukumpletuhin ko ang lahat ng Safeguarding training, kabilang ang una at patuloy na refresher training na kinakailangan para sa aking tungkulin na nakasaad sa **Patakaran**.
3. Palagi kong pananatilihin ang angkop na mga hangganan sa Mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib at mananatiling propesyonal sa aking mga pagkilos sa pakikitungo sa Mga Bata at Taong may Hustong Gulang.
4. Maliban sa impormasyong nakuha sa ilalim ng seal of confession (hindi pagsisiwalat ng anumang narinig sa kumpisalan, kung naaangkop), susundin ko ang aking mga obligasyon sa pag uulat sa Patakaran kung makatwirang pinaghihinalaan ko na:
  - a. ang isang Bata ay nasa panganib ng Pang-aabuso ng Bata (Child Abuse Offense) laban sa kanya;
  - b. ang isang Taong may Hustong Gulang na ay nasa panganib ng Pang-aabuso (Abuse Offense) laban sa kanya;
  - c. ang isang tao ay nakagawa ng anumang Pag-aasal at Gawain na Dapat Iulat (Reportable Conduct) sa isang Bata;
  - d. ang isang tao ay nakagawa ng isang hindi nararapat na pag-aasal at gawain sa isang Bata o Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib;
  - e. ang isang Bata ay nagdusa o nagdurusa ng kapabayaan o pang-aabuso sa bata kabilang ang anumang Pisikal na Pang-aabuso, Sikolohikal na Pang-aabuso, Sekswal na Pagkilos (Sexual Act), Sekswal na Pag-atake (Sexual Assault), Sekswal na Paghipo o Paghahanda ng isang bata sa sekswal na relasyon (Sexual Touching or Grooming); at/o
  - f. ang isang Bata ay maaaring nasa Panganib ng Malaking Pinsala, sa kapaligiran man ng Archdiocese, sa bahay o sa ibang lugar.
  - g. ang isang Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib ay nagdusa o nagdurusa ng Kapabayaan o Pang-aabuso kabilang ang anumang Pisikal na Pang aabuso, Sekswal na Pagkilos, Sekswal na Pag-atake, Sekswal na Paghipo, Sikolohikal na Pang-aabuso, Pang-aabuso sa Pananalapi (Financial Abuse), Espirituwal na Pang-aabuso (Spiritual Abuse) at/o nasa Panganib ng Pinsala mula sa iba, sa pakikitungo sa iba o sa kanyang sarili.

Aking binibigyang-pansin na hindi ko responsibilidad na imbestigahan o lutasin ang anumang hinala ko, kundi iulat lamang ang aking hinala sa naaangkop na awtoridad.

5. Irereport ko ang mga bagay na ito sa aking Parish Priest / Agency Head (alinman ang naaangkop) pati na rin sa Safeguarding Office at, kung naaangkop, sa mga kinaauukulang Awtoridad ng Estado (sa tulong ng Safeguarding Office).

6. Aking kinikilala na mayroon akong personal na legal na obligasyon na iulat sa NSW Police ang lahat ng Krimen na Dapat Iulat (Reportable Crimes) na aking nalaman, at anumang impormasyon na maaaring mayroon ako na may kaugnayan sa mga pagkakasala na iyon. Bilang gawi, ito ay ipapaalam ko sa aking Parish Priest o Agency Head at siya ang magpapaalam nito sa Safeguarding Office. Tutulungan ako ng Safeguarding Office na magreport sa NSW Police at magbibigay ng kopya ng Police report para masigurong natupad ko na ang personal kong legal na obligasyon na magreport.
7. Susunod ako sa anumang imbestigasyon sa mga Safeguarding Complaint.
8. Agad kong ipapaalam sa aking Supervisor kung ako ay sinampahan ng anumang salang kriminal.

***Pagmamalasakit, paggalang at habag***

9. Palagi kong tatrathuhin ang mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib nang may pag-iingat, paggalang, at habag kahit na kumilos sila sa isang paraan na para sa akin ay mahirap o mapaghamon.
10. Sa pagkilala na naniniwala tayo na ang lahat ng tao ay *"ginawa sa larawan at wangis ng Diyos."* (Gen 1: 27) Igagalang ko ang dignidad ng lahat ng tao at laging silang tatrathuhin nang pantay-pantay na may paggalang at pag-aalaga. Bilang pagsunod sa preferential option ng Simbahan para sa mga mahihirap, bibigyan ko ng partikular na pansin ang mga pangangailangan ng may-kahinaang mga tao sa komunidad.
11. Isasaalang-alang ko ang mga pangangailangan ng lahat ng mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib, at magbibigay ng partikular na pansin sa mga Bata at Taong may Hustong Gulang na Aborihinal at Torres Strait Islander, may kapansanan o karamdaman, matatanda, nagmula sa magkakaiba-ibang kultura at wika, may iba't ibang sekswalidad at Mga Bata/Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib na may partikular na mga kahinaan, tulad ng mga taong hindi maaaring manirahan sa bahay para sa anumang dahilan, nakakaranas ng karahasan sa tahanan, namatayan at nasira ang relasyon.
12. Kinikilala ko na ang mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib, tulad ng lahat ng tao, ay may pangangailangan na pakinggan at madama na sila ay pinakinggan. Ako ay magsisikap na aktibong makinig sa mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib sa aking pangangalaga at seryosohin ang kanilang mga opinyon at alalahanin.
13. Lagi akong gagamit ng angkop, magalang na pananalita, at hindi magsasalita sa mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib sa isang paraang mapanuya, mapanira, o nakakasakit sa damdamin at kilalanin na ang paggamit ng pananalitang ito ay maaaring negatibong makaapekto sa kagalingan ng mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib na tinutulungan ko.
14. Kinikilala ko na may hawak akong posisyon ng awtoridad at kinikilala ang kawalan ng balanse ng kapangyarihan na likas dito. Hindi ko gagamitin sa maling paraan ang awtoridad na ito sa anumang paraan na maaaring negatibong makaapekto sa kaligtasan, kapakanan, at kagalingan ng mga Bata at/o Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib na mayroon akong contact.

15. Palagi kong tatratin ang mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib nang pantay at pare-parehong paraan, at iiwasan ang pagkakaroon ng paborito, "espesyal na relasyon" sa ilang mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib o pagtuunan ang partikular na mga Bata o Taong may Hustong Gulang.
16. Hindi ako kailanman magbibigay ng mga regalo sa isang Bata at hindi sa ibang Bata, at magbibigay ako ng mga regalo sa mga Bata sa pangkalahatan lamang kung saan angkop ang mga kaloob na iyon sa edad at kalagayan ng mga Bata na iyon, halimbawa, mga regalong mura at hindi makakasama ng loob.
17. Hindi ako makikibahagi sa anumang aktibidad kasama ang isang Bata o Taong may Hustong Gulang na malamang na magdulot sa kanya ng pisikal, emosyonal, o sikolohikal na pinsala.
18. Maliban sa konteksto ng mga pagtitipon ng pamilya na may pahintulot ng mga tagapag-alaga, hindi ko iimbitahan ang mga Batang walang kasama sa aking tahanan, ni anyayahan silang makibahagi sa mga aktibidad o kaganapan na hindi nauugnay sa Archdiocese o mga Parokya o Ahensya nito.

***Tamang pangangasiwa sa mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib***

19. Lagi kong masigasig na pangangasiwaan ang lahat ng mga Bata at/o Mga Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib na ako ang responsable.
20. Kung ako ang may pananagutan sa pag-oorganisa ng mga aktibidad na kinasasangkutan ng mga Bata o Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib, titiyakin ko na ang mga nakaplanong aktibidad ay angkop sa edad at pangangailangan ng Bata/Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib, na ang kinakailangang pagsusuri ng panganib ay isinagawa, at ito ay sinusunod sa pagsasagawa ng mga aktibidad.
21. Kapag nangangasiwa sa mga Bata at/o Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib, ako ay mag-iingat upang maprotektahan sila laban sa mga halatang panganib tulad ng mga sasakyang de motor, at mga panganib sa labas tulad ng hindi ligtas na mga tubigan, pagkakalantad sa araw o mga taong hindi nila kilala.
22. Hindi ko iiwan ang mga Bata at/o Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib sa aking pangangalaga nang walang pangangasiwa. Magiging nasa oras ako sa mga appointment ko sa mga Bata/Taong nasa Hustong Gulang. Kung hindi ako makadalo sa isang aktibidad sa Bata/Taong nasa Hustong Gulang na napagkasunduan kong pangangasiwaan, makikipag-ugnayan ako sa kinauukulang supervisor sa aking parokya o ahensya sa lalong madaling panahon.
23. Kapag nangangasiwa sa mga Bata, lagi akong mag-iingat sa pagpapalano ng mga aktibidad upang matiyak na angkop ang mga ito sa edad ng mga Bata at iba pang mga pangangailangan.

### ***Pagdidisiplina sa mga Bata***

24. Kinikilala ko na sa angkop na mga sitwasyon, maaaring kailanganin ang disiplina upang maiwasan ang maling pag-uugali ng mga Bata sa hinaharap, kabilang na ang maling pag-uugali na naglalagay sa Bata at sa iba pa sa panganib.
25. Kung, sa aking paghuhusga, kinakailangang disiplinahin ang isang Bata, gagawin ko lamang ito sa makatwirang paraan na naaayon sa kanilang maling pag-uugali at hindi naghihiwalay o nagpapababa sa dignidad ng Bata. Lagi kong ipapaliwanag sa Bata kung bakit siya dinidisciplina.
26. Hindi ko kailanman gagamitin ang pisikal na pagparusa (corporal punishment) sa pagdidisiplina sa ng Bata.

### ***Pakikipag-ugnayan sa mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib***

27. Iiwasan ko ang mga sitwasyon kung saan ako ay mag-isa na kasama ang mga Bata/Taong nasa Hustong Gulang na nasa Panganib maliban kung ito ay normal na kinakailangan bilang bahagi ng aking ginagampanang trabaho.
28. Iiwasan ko ang pisikal na contact sa Bata/Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib maliban kung karaniwan nang kailangan ito bilang bahagi ng aking tungkulin (hal., upang mangasiwa ng mga sakramento) o ayon sa makatwirang pangangailangan ng mga pangyayari (hal. protektahan ang Bata/Taong nasa Hustong Gulang mula sa pinsala o para aliwin kapag nababagabag), o kapag bumati nang angkop sa Bata/Taong nasa Hustong Gulang (hal. ang popular na Hi-5 o pakikipagkamay/handshake).
29. Hindi ako makikipag-ugnayan sa anumang lihim o lantarang sekswal o matalik na pag-uugali at gawain sa sinumang Bata, Kabataan o Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib; Hindi ako makikibahagi sa anumang sekswal na panunuya, sekswal na pag-uusap, biro o pagpapakita ng gayong materyal.
30. Hindi ako magme-message, tatawag, magte-text, bibisita o kung hindi man ay makipag-ugnayan sa isang Bata/Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib sa na hindi kasama ang kanilang (mga) magulang/tagapag-alaga kapag nag-oorganisa, nag-aayos, o nakikibahagi sa mga aktibidad sa simbahan.
31. Kung makikipag-ugnayan ako sa isang Bata, Pamilya o Taong nasa Hustong Gulang na nakakasalamuha ko sa pamamagitan ng aking tungkulin sa simbahan sa labas ng tungkuling iyon (hal., sosyal, relasyon sa negosyo, atbp), ginagawa ko ito sa sarili kong kakayahan lamang at hindi bilang kinatawan ng Simbahan.

### ***Paggamit ng social media at iba pang teknolohiya upang makipag-usap sa mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib***

32. Susundin ko ang bahaging iyon ng Patakaran na may kaugnayan sa paggamit ng social media at iba pang teknolohiya, na nagsasaad ng mga dapat kong gawin:
  - a. maging marespeto, magalang at mapagkunsidera sa lahat ng komunikasyon sa mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib at makipag-usap sa paraang naaayon sa aking tungkulin at responsibilidad sa loob ng o may kaugnayan sa Archdiocese;

- b. hindi mag-imbiba o tumanggap ng mga paanyaya mula sa mga Bata na nakilala ko sa pamamagitan ng Archdiocese bilang "mga kaibigan" sa aking personal na social media site, o kung hindi man ay makipag-ugnayan sa kanila sa anumang mga site;
- c. hindi makikipag-usap sa isang indibidwal (isa sa isa) sa pamamagitan ng teknolohiya o social media (kabilang ang mobile phone, text message o email) sa sinumang Bata maliban kung nakuha ko ang nakasulat na pahintulot ng magulang o tagapag-alaga ng Bata at isama ang magulang o tagapag-alaga ng Bata bilang kalahok sa komunikasyon; at
- d. huwag i-rekord o ipamahagi ang anumang intimate na imahe ng isang Bata o Taong may Hustong Gulang o anumang materyal na cyber bullying na nakatarget sa o tumatarget sa isang Bata o Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib.

### ***Paggamit ng alak, tabako at iba pang droga***

33. Susundin ko ang bahaging iyon ng Patakaran na may kaugnayan sa paggamit ng alak, tabako at iba pang mga droga, na nagsasaad na:
- a. Hindi ako dapat kailanman magbigay ng alak, tabako o iba pang mga droga sa mga Bata (Ang patakarang ito ay hindi magagamit kapag inaprubahan ng mga magulang na ang kanilang anak ay tatanggap ng Banal na Komunyong mula sa Chalice).
  - b. Hindi ako dapat gumawa ng trabaho kasama ang mga Bata o Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib kapag ako ay nasa ilalim ng impluwensya ng alak o ipinagbabawal na droga, at ipapaalam sa aking Supervisor kung ako ay nasa ilalim ng impluwensya ng anumang iniresetang gamot na maaaring makaapekto sa aking kakayahan na epektibong pangasiwaan ang mga Bata/Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib at panatilihin silang ligtas; at
  - c. kung ako ay nangangasiwa sa mga Bata o Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib sa anumang kapasidad, kabilang ang mga pangkalahatang pagtitipon, sa isang overnight camp o excursion kung saan ang mga Bata/Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib ay naroroon, hindi ako iinom ng alak o ng ipinagbabawal na droga, o maninigarilyo sa mga kaganapang ito.

### ***Gamot***

34. Hindi ako kailanman magbibigay ng anumang gamot sa sinumang Bata o Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib nang walang pahintulot ng kanyang magulang/guardian o tagapag-alaga.

**Materyal na kinasasangkutan ng mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib**

35. Palagi kong kukunin muna ang pahintulot ng Bata/Taong may Hustong Gulang at/o ng kanyang magulang o tagapag-alaga bago kunin o gamitin ang pangalan o imahe ng tao sa anumang ulat, website, o iba pang publikasyon.
36. Sa lugar ng paaralan ay lagi akong hihingi ng pahintulot ng paaralan bago kunin o gamitin ang pangalan o imahe ng Bata sa anumang ulat, website o iba pang publikasyon.
37. Hindi ako magtataglay, mamamahagi o gagawa ng anumang materyal na naglalarawan sa mga Bata o Taong may Hustong Gulang sa isang nakakasakit sa loob na paraan.

*Mangyaring tingnan ang protocol at ang mga impormasyon ng Archdiocese sa 'Mga pag-uugali na dapat hikayatin at dapat iwasan', 'Paggamit ng teknolohiya at social media upang makipag-usap sa mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib' at 'Paggamit ng alak, tabako at iba pang mga droga' para sa isang kumpletong listahan ng mga obligasyon.*

**Pagkilala**

Kinikilala ko na:

- Nabasa ko na at susundin ko ang Patakaran at ang Koda ng Pag-aasal at Gawain na ito.
- Nauunawaan ko ang mga pag-uugali at gawain na inaasahan sa akin sa pakikipag-ugnayan ko sa mga Bata at Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib.
- Naiintindihan ko ang mga pag-uugali at gawain na hindi katanggap-tanggap ng Archdiocese, mga Parokya at Ahensya nito, sa anumang oras.
- Ang malubhang paglabag sa Koda na ito ay hahantong sa pagwawakas ng aking trabaho kasama ang Mga Bata at/o Mga Taong may Hustong Gulang na nasa Panganib sa loob ng Archdiocese.

Pangalan: \_\_\_\_\_

Lagda: \_\_\_\_\_ Petsa: \_\_\_\_\_